

News Release

Pag-asa ng Middle Class, Bumabalik dahil sa Unang Badyet ni Ministro Morneau

Marso 22, 2016

Ottawa, Ontario

Kagawaran ng Pananalapi

Ibinalangkas ngayon ng Ministro ng Pananalapi, si Bill Morneau, ang unang pederal na badyet ng bagong Pamahalaan ng Canada. Ang badyet, na tinatawag na *Growing the Middle Class*, ay isang plano na nagsasagawa ng mahahalagang hakbang upang pasiglahin ang ekonomiya ng Canada at naghahatid ito ng totoong pagbabago para sa middle class at sa mga taong lubos na nagsisikap upang mapabilang dito.

Nagsisimula ang isang matatag na ekonomiya sa isang matatag na middle class. Ito ang dahilan kung bakit ang pagbuo ng isang ekonomiyang kapaki-pakinabang para sa mga Canadian at sa kanilang mga pamilya ang nangungunang priyoridad ng pamahalaang ito.

Sa pamamagitan ng Budget 2016, makakatanggap ng agarang tulong ang mga taong pinakanangangailangan, at uumpisahan nito ang pagkilos para sa pangmatagalang paglago ng ekonomiya. Ang pinakamahalaga rito, wala itong ibang pinagtutuunan maliban sa mga tao at sa mga bagay na mahalaga para sa kanila—mga bagay gaya ng pagpapatatag sa middle class, paggawa ng mga trabaho at pagpapalago ng ekonomiya.

Simula noong Enero 1, tinitiyak ng Pagbabawas sa Buwis ng Middle Class ng pamahalaan na nakakatanggap ang humigit-kumulang 9 na milyong Canadian ng mas malaking suweldo sa bawat araw ng suweldo.

Ngayon, lalo pang papaigtingin ni Ministro Morneau ang pag-unlad na ito sa pamamagitan ng paghahain ng bagong **Benepisyo Para sa Anak ng Canada (o Canada Child Benefit)**—isang benepisyong mas simple, hindi nabubuwan, mas liberal at mas partikular sa mga taong pagkakalooban na tutulong sa mga pinakanangangailangan: ang middle class. Simula sa Hulyo ng 2016, siyam sa sampung pamilya ang makakatanggap ng higit pang pera kumpara sa natanggap nila noong nakaraang pamahalaan.

Ang Budget 2016 ay tanda ng isang bagong landas sa paggawa ng mga trabaho at pagpapahusay ng kalidad ng buhay para sa mga Canadian, ngayon at sa hinaharap. Kabilang dito ang mga makasaysayan at bagong pamumuhunan sa imprastruktura na ang magiging kabuuang halaga ay higit sa \$120 bilyon sa loob ng susunod na dekada.

Bilang agarang unang hakbang, mamumuhunan ang pamahalaan ng \$11.9 na bilyon sa moderno at mapagkakatiwalaang pampublikong transit, sistema sa tubig at kanal, abot-kayang pabahay, at sa pag-aayos at pagkukumpuni upang protektahan ang mga kasalukuyang proyekto mula sa mga epekto ng climate change.



Ang mga karagdagang pangmatagalang pamumuhunan ay makakatulong sa Canada na magkaroon ng isang ekonomiyang may mababang paggamit ng carbon, at sa paggawa ng mga **lungsod na mas maaliwalas, rural na lugar na konektado ng teknolohiya at mga komunidad na ligtas, malusog at lumalago.**

Sa pamamagitan ng Budget 2016, magkakaroon din ng mahahalaga at bagong pamumuhunan upang suportahan ang mga mag-aaral at **post-secondary na institusyon**, upang maging lubos ang kahandaan ng susunod na henerasyon ng mga Canadian sa pagharap sa mga hamon ng hinaharap. Dagdag pa rito, itataguyod ng pamahalaan ang pananaliksik, pabibilisin ang paglago ng negosyo at susuportahan ang **teknolohiyang hindi nakakasira sa kalikasan** upang maging mas mainam ang kinalalagyan ng Canada sa isang mabilis na nagbabagong pandaigdigang ekonomiya.

Sa pagkilala na ang pagprotekta sa kapaligiran at ang paglago ng ekonomiya ay magkaagapay, mamumuhunan ang pamahalaan sa mga teknolohiyang hindi nakakasira sa kalikasan na nakakatugon sa mga pangangailangang dulot ng climate change, sa kalidad ng hangin, malinis na tubig at malinis na lupa. Binibigyang-diin din ng Budget 2016 ang layunin ng pamahalaan na magkaroon ng \$2 bilyong **Pondo para sa Ekonomiyang May Mababang Paggamit ng Carbon**

Upang matiyak na mararamdaman ng lahat ng Canadian ang paglagong ito, nagsasagawa ang Budget 2016 ng mga panibagong hakbang upang bigyan ang lahat ng Canadian ng pantay-pantay na oportunidad sa pagtatagumpay, sinuman sila o saanman sila galing. Kabilang dito ang mga hindi pa nasusubukang pamumuhunan sa **First Nations, Inuit Peoples at Métis Nation**—na ang magiging kabuuang halaga ay \$8.4 na bilyon sa loob ng limang taon—sa mga lugar kung saan may edukasyon, imprastruktura at pagsasanay ng kakayahan. Titiyakin ng pamahalaan na mayroong access sa malinis na inuming tubig ang bawat bata, kabilang ang mga nakatira sa mga reserve.

Kabilang sa pamumuhunan sa **isang Canada na mayroong mas malaking saklaw at mas patas** ang mga pagsisikap na: magbigay ng pederal na pamumuno sa **pangangalagang pangkalusugan**; tulungan ang mga **nakakatanda** na malaman kung bakit mainam para sa kanila ang marangal at secure na pagreretiro; panibaguin ang pagtuon sa pagpapahusay ng **Plano sa Pensyon ng Canada (Canada Pension Plan)**; at isakatuparan ang ating kagalang-galang na obligasyon sa **mga beterano** ng Canada.

Kumikilos din ang Budget 2016 upang gawing mas mainam ang kinalalagyan ng Canada sa pandaigdigang ekonomiya. Magbibigay ang pamahalaan ng **pandaigdigang tulong** sa mga pinakanangailangan, at malugod nitong tatanggapin ang hanggang 300,000 permanenteng residente sa 2016 upang itaguyod ang sustainable na paglago at pag-unlad ng middle class.

Nabuo ang *Growing the Middle Class* sa oras kung kailan may kakayahan at kagustuhan sa pagkilos ang Pamahalaan ng Canada. Kumikilos ang Budget 2016 upang pasiglahin ang ekonomiya at gumagawa ito ng oportunidad para sa lahat ng Canadian, sa pamamagitan ng pagtuon sa middle class at sa mga taong nagsisikap upang mapabilang dito.

Sipi

“Ibabalik ng aming plano ang taglay na pag-asa at pagkapositibo sa hinaharap ng mga nakaraang henerasyon, at papakilusin natin ito sa susunod na henerasyon. Ang totoong pagbabago ay hindi lang tungkol sa ngayon o bukas. Tungkol ito sa pagpapasigla ng ekonomiya sa mga susunod na taon at dekada, upang maging kapaki-pakinabang ito para sa middle class at makatulong sa mga taong nagsisikap upang mapabilang dito.”

—*Bill Morneau, Ministro ng Pananalapi*

Mga Nauugnay na Artikulo

- Plano sa Badyet
- Talumpati Tungkol sa Badyet
- Mga talaan ng impormasyon
- *Ang Tagasubaybay sa Pananalapi (The Fiscal Monitor)* para sa Enero 2016

Mga Contact sa Media:

Annie Donolo
Press Secretary
Office of the Minister of Finance
613-369-5696

Jack Aubry
Media Relations
Department of Finance
613-369-4000

Upang makatanggap ng notification sa e-mail ng lahat ng balitang inilabas, mangyaring magparehistro sa www.fin.gc.ca/scripts/register-eng.asp.